

せいかつが い ど ぶ っ く  
生活ガイドブック

Aklat-Patnubay ng Pamumuhay



たはらしやくしょ こうほうひしょか  
田原市役所 広報秘書課

〒441-3492 たはらしはらちょうみなみばんば  
田原市田原町南番場30-1

TEL : 0531-22-1111 / FAX : 0531-23-0180

EMAIL : [kokusai@city.tahara.aichi.jp](mailto:kokusai@city.tahara.aichi.jp)

田原市ホームページ : <http://www.city.tahara.aichi.jp/>

発行 : 2020年4月

## Lungsod ng Tahara

Sangay ng Ugnayang Pampubliko at Kalihim

30-1 Minami Banba, Tahara-cho, Aichi 441-3492 Japan

Telepono : 0531-22-1111 / Fax : 0531-23-0180

E-mail : [kokusai@city.tahara.aichi.jp](mailto:kokusai@city.tahara.aichi.jp)

Website ng Lungsod ng Tahara : <http://www.city.tahara.aichi.jp/>

Nilathala: Taong 2020 Abril

せいかつがいどぶっく 生活ガイドブック もくじ 《 にほんご 日本語 》

01	<small>ちえっくりすと</small> チェックリスト	3
02	<small>じゅうみんとうろく</small> 住民登録	9
03	<small>いんかんとうろく</small> 印鑑登録	15
04	ごみ・リサイクル	19
05	<small>じちかい</small> 自治会	25
06	<small>ぜいきん</small> 税金	27
07	<small>すいどう げすいどう</small> 水道、下水道	31
08	<small>でんわ でんき じゅしんりょう</small> 電話・電気・ガス・NHK受信料	33
09	<small>こくみんけんこうほけん</small> 国民健康保険	35
10	<small>こうきこうれいしゃいりょうせいど</small> 後期高齢者医療制度	39
11	<small>しょう しゃふくし じどうふくし ふくしいりょう</small> 障がい者福祉・児童福祉・福祉医療	41
12	<small>かいごほけん</small> 介護保険	43
13	<small>こくみんねんきん</small> 国民年金	45
14	<small>にんしん</small> 妊娠したら	49
15	<small>あか う</small> 赤ちゃんが生まれたら	53
16	<small>ぼ し ほけんじぎょう</small> 母子保健事業	55
17	<small>せいじんほけんじぎょう</small> 成人保健事業	59
18	<small>ほいくえん えん しょうがっこう ちゅうがっこう</small> 保育園・認定こども園、小学校・中学校	63
19	<small>じどう ほうかご こ きょうしつ じどう</small> 児童クラブ・放課後子ども教室、児童センター、 <small>こそだ しえん おやこうりゅうかん</small> 子育て支援センター、親子交流館（すくっと）	65
20	<small>しえいじゅうたく けんえいじゅうたく けんえいこうしゃじゅうたく</small> 市営住宅、県営住宅、県営公社住宅	73
21	<small>しごと</small> 仕事	75
22	<small>そうだんまどぐち</small> 相談窓口	77
23	<small>しせつ</small> 施設リスト	83
24	<small>こうきょうこうつうきかん</small> 公共交通機関	87
25	<small>がいこくご じょうほう</small> 外国語による情報	89
26	<small>にほんごきょうしつ</small> 日本語教室	93
27	<small>きんきゅうつうほう</small> 緊急通報	95
28	災害への備え	97

Mga Nilalaman ng Aklat-Patnubay ng Pamumuhay «Tagalog»

0 1	Talaan .....	4
0 2	Pagpapatala Bilang Residente .....	1 0
0 3	Pagpapatala ng Personal na Pantatak .....	1 6
0 4	Basura at “Recycle” .....	2 0
0 5	Asosasyon ng Komunidad .....	2 6
0 6	Buwis .....	2 8
0 7	Tubig .....	3 2
0 8	Telepono, Kuryente, Bayad sa NHK .....	3 4
0 9	Pambansang Seguro Pangkalusugan .....	3 6
1 0	Sistemang Pangkalusugan para sa Matatanda .....	4 0
1 1	Kagalingang Para sa may Kapansanan/Kagalingang Pambata/ Kagalingang Pangkalusugan .....	4 2
1 2	Seguro sa Pag-aalaga .....	4 4
1 3	Pambansang Pensiyon .....	4 6
1 4	Kapag Nagdalang-tao .....	5 0
1 5	Alituntunin Kapag Naipanganak ang Bata.....	5 4
1 6	Proyekto para sa Kalusugan ng Ina at ng Bata .....	5 6
1 7	Serbisyong Pangkalusugan para sa mga Adulto .....	6 0
1 8	Paaralan para sa Nursery at Sentrong Pambata / Mababang Baitang/Mataas na Paaralan .....	6 4
1 9	Samahang Pambata/Silid-Aralang Pambata Pagkatapos sa Paaralan/ Bulwagang Pambata/Sentrong Pambata/Lugar Ugnayan ng Magulang at Bata (Skutto) ..	6 6
2 0	Pabahay ng Munisipyo, Pabahay ng Lalawigan, Kompanyang Pabahay na Pag-aari ng Lalawigan .....	7 4
2 1	Trabaho .....	7 6
2 2	Tanggapan para sa Konsultasyon .....	7 8
2 3	Listahan ng mga Institusyon .....	8 4
2 4	Transportasyong Pampubliko .....	8 8
2 5	Impormasyon sa Wikang Banyaga .....	9 0
2 6	Klase Para sa Wikang Hapon .....	9 4
2 7	Pag-uulat sa Oras ng Emerhensya .....	9 6
2 8	Paghahanda sa Kalamidad .....	9 8

# 1 チェックリスト

## 住民登録する人【転入・入国】チェックリスト

とど 届け出	ひつよう 必要なもの等	たんとうか 担当課	でんわばんごう 電話番号
じゅうみんとうろく 住民登録	ちゅうちようきざいりゅうしや しかく も ひと にゅうこく 中長期在留者の資格を持った人が入国した とき、他の市町村から田原市に引っ越したと き、または田原市に住んでいる人で新規に ちゅうちようきざいりゅうしや しかく え じゅうみん 中長期在留者の資格を得たときは、住民 とうろく 登録をしなければいけません。	しみんか 市民課	23-3511
こくみんけんこうほけん 国民健康保険 こうきこうれいしや 後期高齢者 いりょうほけん 医療保険	いんかん 印鑑を持って、てつづ 手続きしてください。	ほけんねんきんか 保険年金課	23-2149
こくみんねんきん 国民年金	いんかん 印鑑を持って、てつづ 手続きしてください。	ほけんねんきんか 保険年金課	23-2149
すいどう 水道	すいどう つか はじ 4 ひ 前 ま で に 連絡 し 水道を使い始めたい日の4日前までに連絡し てください。	すいどうか 水道課	23-3532
ほいくえん 保育園	てつづ ひつよう ひつよう 手続きが必要です。必要なものは、お問 い合 わ せ ください。	こそだ 子育て しえんか 支援課	23-3513
しょう ちゅうがっこう 小・中学校	てつづ ひつよう ひつよう 手続きが必要です。必要なものは、お問 い合 わ せ ください。	がっこうきょういくか 学校教育課	23-3679
げんどうきつき 原動機付 じてんしゃ 自転車	ナンバープレートが付いていないものは、公道 で乗ってはいけません。ナンバープレートは市 やくしよ わた ひつよう 役所でお渡しします。必要なものは、お問 い合 わ せ ください。けいじどうしやぜい ねん かいしはら 軽自動車税を1年に1回支払う こととなります。うんてん うんてんめんきよ 運転するときには、運転免許 が必要 ひつよう です。	ぜいむか 税務課	23-3510
じてんしゃ 自転車	じてんしゃはんばいてん こうにゅう 自転車販売店で購入してください。市役所 で てつづ ひつよう の手続きは必要ありません。ぜいきん 税金はかかりませ ん。	じてんしゃ 自転車 はんばいてん 販売店	

# 1 Talaan

## Talaan para sa mga taong magpapatala (Paglipat at Pagpasok ng Bansa) bilang residente

Notipikasyon	Mga Bagay na Kailangan	Responsableng Sangay	Telepono
Pagpapatala Bilang Residente	Kailangang magpapatala bilang residente kapag pumasok sa bansa ang isang taong kuwalipikado bilang medium-to long-term resident, o kaya ay kapag lilipat sa Lungsod ng Tahara mula sa ibang munisipalidad, o naninirahan sa Lungsod ng Tahara at nabigyan ng bagong kuwalipikasyon bilang medium-to long-term resident.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Pambansang Seguro Pangkalusugan Sistemang Pangkalusugan para sa Matatanda	Mag-aplay at magdala ng personal na pantatak.	Sangay ng Seguro at Pensiyon	23-2149
Pambansang Pensiyon	Mag-aplay at magdala ng personal na pantatak.	Sangay ng Seguro at Pensiyon	23-2149
Tubig	Tawagan ang departamento ng tubig, apat na araw bago nais gamitin ang tubig.	Sangay sa Tubig	23-3532
Nursery	Kailangang mag-aplay. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan.	Sangay na Tumutulong sa Pagpapalaki ng Bata	23-3513
Mababa at Mataas na Paaralan	Kailangang mag-aplay. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan.	Sangay ng Edukasyong Pampaaralan	23-3679
Motorbike	Hindi pwedeng tumakbo ang mga sasakyang walang plate number sa mga daanan ng mga sasakyan. Ang plate number ay nanggagaling sa munisipyo. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan. Ang buwis ng maliliit na sasakyan ay binabayaran taun-taon. Kailangan ng lisensiya sa panahon na nagmamaneho.	Sangay sa Buwis	23-3510
Bisikleta	Bumili ng bisikleta sa mga tindahan nito. Hindi na kailangang magpapatala sa munisipyo. Hindi na kailangang magbayad ng buwis ang ganitong sasakyan.	Tindahan ng Bisikleta	

じゅうみんとろうく ひと たいざいちゅう ちえ っく り す と  
 住民登録している人【滞在中】チェックリスト


とど で 届 け 出	ひつよう など 必要なもの等	たんとうか 担当課	でんわばんごう 電話番号
じゅうみんとろうく 住 民 登 録	たはらしな い ひつこ しんじゅうしょ す 田原市内で引っ越したときは、新住所に住み はじめから14日以内に手続きをしてくだ さい。必要なものは、お問い合わせください。	しみんか 市民課	23-3511
けっこん 結 婚 す る と き	がいこくじん にほんこくない けっこん しやくしょ 外国人が日本国内で結婚するときは、市役所と ぼこく ざいにちたいしかん りょうじかん りょうほう とどけ 母国の在日大使館または領事館の両方に届 出をしてください。外国人同士の結婚の場合、 がいこくじん にほんじん けっこん ばあい ていしゅつ 外国人と日本人の結婚の場合では、提出する ものが異なります。届出に必要なものは、お問 い合わせください。	しみんか 市民課  ざいにちたいしかん 在日大使館  または りょうじかん 領事館	23-3511
りこん 離 婚 す る と き	がいこくじんとうし りこん ばあい ぼこく ざいにちたいしかん 外国人同士の離婚の場合は、母国の在日大使館 または領事館にお問い合わせください。外国人 にほんじん りこん ばあい しやくしょ ざいにちたいしかん と日本人の離婚の場合は、市役所と在日大使館 りょうじかん りょうほう とどけ または領事館の両方に届出をしてください。 とどけで ひつよう と あ 届出に必要なものは、お問い合わせください。	しみんか 市民課  ざいにちたいしかん 在日大使館  または りょうじかん 領事館	23-3511
こどもが う 生 ま れ た と き	う まれ た ひ ふく にちい ない しゅつしやうとどけ 生まれた日を含めて14日以内に出生届を ていしゅつ ひつよう と あ 提出してください。必要なものは、お問い合わ せください。	しみんか 市民課	23-3511
しばう 死 亡 し た と き	しばう じじつ し ひ にちい ない いし 死亡の事実を知った日から7日以内に医師の しばうしんだんしょ も しんぞく どうきよ 死亡診断書を持って、親族または同居していた ひと とどけで こくみんけんこうほけんしやう 人が届出をしてください。国民健康保険証が ある場合は、お返してください。母国の在日 たいしかん りょうじかん とどけで 大使館または領事館にも届出をしてくださ い。	しみんか 市民課  ざいにちたいしかん 在日大使館  または りょうじかん 領事館	23-3511
じゅうみんひやう 住 民 票	しめい じゅうしよ しやうめい しよるい 氏名や住所などを証明する書類です。 しやうめいしよ つう えん 証明書は、1通200円です。	しみんか 市民課	23-3511
ぼすぼーと パ ス ポ ー ト を な く し た と き	ぼすぼーと ぬす パスポートをなくしたり、盗まれたりしたとき は、まず近くの警察署に届け出て「紛失(盗難) とどけでしやうめいしよ はっこう 届出証明書」を発行してもらいます。それを ぼこく ざいにちたいしかん りょうじかん 母国の在日大使館または領事館に持っていき、 パスポートをさいはっこう 再発行してもらいます。あらかじめ たいしかん でんわ ひつよう と あ 大使館などに電話して、必要なものを問い合 わせてください。	ざいにちたいしかん 在日大使館  または りょうじかん 領事館	

**Talaan para sa mga taong mapagpapatala bilang residente (sa panahon ng paninirahan)**

Notipikasyon	Mga Bagay na Kailangan	Responsableng Sangay	Telepono
Pagpapatala Bilang Residente	Magpatala sa loob ng 14 na araw mula sa panahon ng paninirahan sa bagong tirahan kapag lumipat sa Lungsod ng Tahara. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Pagpapakasal	Kung ang isang banyaga ay magpapakasal dito sa Japan, kailangang iulat sa munisipyo at sa embahada o konsulado ng inyong bansang pinagmulan. Magkaiba ang isusumiteng dokumento kung magpapakasal ay parehong banyaga, at kung ang isang banyaga ay magpapakasal sa Hapon. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan sa pag-uulat.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
		Embahada o Konsulado ng inyong bansang pinagmulan	
Paghihiwalay	Kung maghihiwalay ang parehong banyaga, kailangang sumangguni sa embahada o konsulado ng inyong bansang pinagmulan. Kung ang maghihiwalay ay isang banyaga at Hapon, kailangang iulat sa munisipyo at embahada o konsulado ng inyong bansang pinagmulan. Sumangguni para sa mga bagay na kailangan sa pag-uulat.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
		Embahada o Konsulado ng inyong bansang pinagmulan	
Kapag Nagsilang ng Bata	Kailangang magsumite ng “report of birth” sa loob ng 14 na araw magmula ng ipanganak ang bata. Sumangguni para sa mga kailangang bagay.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Sa Panahon na may Namatay	Kailangang iulat ng kamag-anak o kasama sa bahay ang pagkamatay ng isang tao sa loob ng 7 araw mula sa araw na nalaman ang pagkamatay kasama ang sertipikasyon ng pagkamatay mula sa isang doktor. Kailangang isauli ang health insurance card (kung mayroon) ng namatay. Kailangan ding iulat ang pagkamatay sa embahada o konsulado ng bansang pinagmulan ng namatay.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
		Embahada o Konsulado ng bansang pinagmulan ng namatay	
Sertipikasyon Bilang Residente	Ito ay dokumento na magpapatunay ng inyong pangalan at tirahan. Ang sertipikasyong ito ay nagkakahalaga ng 200 yen bawat kopya.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Pagkawala ng Pasaporte	Iulat sa pulis kung ang inyong pasaporte ay nawala o ninakaw, at humingi ng sertipikasyon ng ulat ng pagkakawala o ninakaw. Dalhin ito sa embahada o konsulado ng inyong bansang pinagmulan at muling magpagawa ng pasaporte. Tumawag muna sa inyong embahada bago pumunta para sa mga dokumentong kailangan.	Embahada o Konsulado ng inyong bansang pinagmulan	

じゅうみんとろうく ひと てんしゆつ しゅつこく ちえっくりすと  
 住民登録した人【転出・出国】チェックリスト

とど 届け出	ひつよう など 必要なもの等	たんとうか 担当課	でんわばんごう 電話番号
じゅうみんとろうく 住民登録	たはらし ほかに しちようそん てんしゆつ 田原市から他の市町村へ転出するときは、 たはらし てんしゆつ とど で てんしゆつ 田原市で転出の届け出をしてください。転出 しょうめいしょ はつこう てんしゆつしょうめいしょ も 証明書を発行しますので、転出証明書を持 ってひっこ さき てんにゆう てつづ 引越し先で転入の手続きをしてくださ い。 にほん きこく しゅつこく ばあい じぜん 日本から帰国などで出国する場合も事前に てつづ 手続きをしてください。	しみんか 市民課	23-3511
こくみんけんこうほけん 国民健康保険 こうきこうれいしゃ 後期高齢者 いりょうほけん 医療保険	ほけんしょう かえ ほけんぜい ほけんりょう 保険証をお返しく下さい。保険税（保険料）の せいざん てつづ 精算をしますので、印鑑を持って、手続きして ください。	ほけんねんきんか 保険年金課	23-2149
こくみんねんきん 国民年金	てんしゆつ てつづ ふよう ひっこ さき 転出するときは、手続きは不要です。引越し先 でてつづ で手続きしてください。	ほけんねんきんか 保険年金課	23-2149
いんかんとうろうく 印鑑登録	いんかんとろうくしょう かーど も ひと へんきやく 印鑑登録証（カード）をお持ちの人は、返却 してください。	しみんか 市民課	23-3511
すいどう 水道	ひっこ にちまえ れんらく 引越しの4日前までに連絡してください。	すいどうか 水道課	23-3532
ほいくえん 保育園	たいしよとどけ ほいくえん ていしゆつ 退所届を保育園に提出してください。	こそだ 子育て しえんか 支援課	23-3513
しょう ちゅうがっこう 小・中学校	がっこう もう で 学校に申し出て下さい。	がっこうきょういくか 学校教育課	23-3679
げんどうきつき 原動機付 じてんしゃ 自転車	てんしゆつ しゅつこく まえ 転出または出国の前に、ナンバープレート をへんきやく いんかん じさん てつづ 返却してください。印鑑を持参して、手続きし ててください。	ぜいむか 税務課	23-3510
じてんしゃ 自転車	しやくしよ てつづ ひつよう じてんしゃ 市役所での手続きは必要ありません。自転車を す しげんか かんきょう 捨てるときは、資源化センターか環境 センターへ直接持ち込んでください。料金は りょうきん 無料です。	はいきぶつ 廃棄物 たいさくか 対策課	23-3538





**Talaan para sa mga taong magpatala bilang residente (Paglipat at Lumabas na ng Bansa)**

Notipikasyon	Mga Bagay na Kailangan	Responsableng Sangay	Telepono
Pagpapatala Bilang Residente	Kung lilipat sa ibang munisipalidad mula sa Lungsod ng Tahara magsumite ng notipikasyon sa Lungsod ng Tahara. Magbibigay ang lungsod ng sertipikasyon ng paglipat, dalhin ito sa lugar na lilipatan at ayusin ang pamamaraan sa bagong lilipatan. Ayusin ang pamamaraan bago lumabas ng bansa o kung uuwi na sa sariling bansa mula sa Japan.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Pambansang Seguro Pangkalusugan Sistemang Pangkalusugan para sa Matatanda	Ibalik ang inyong health insurance card. Dalhin ang personal na pantatak dahil kailangang kuwentahin ang buwis ng inyong seguro.	Sangay ng Seguro at Pensiyon	23-2149
Pambansang Pensiyon	Hindi na kailangang ipagbigay-alam kung lilipat sa ibang lugar, ayusin na lamang ito sa lugar na inyong lilipatan.	Sangay para sa Seguro at Pensiyon	23-2149
Personal na Pantatak	Kailangang ibalik ang registration (card) ng inyong pantatak, kung nasa inyo pa.	Sangay Pangmamamayan	23-3511
Tubig	Tawagan ang departamento ng tubig, apat na araw bago nais umalis.	Sangay sa Tubig	23-3532
Nursery	Ipagbigay-alam ang inyong paglipat sa paaralan.	Sangay na Tumutulong sa Pagpapalaki ng Bata	23-3513
Mababa at Mataas na Paaralan	Ipaalam ang inyong paglipat sa paaralan.	Sangay ng Edukasyong Pa	23-3679
Motorbike	Kailangang ibalik ang plate number bago lumipat o lumisan ng Japan. Dalhin ang inyong personal na pantatak at ayusin ang kailangang pamamaraan.	Sangay sa Buwis	23-3510
Bisikleta	Wala ng kailangang ayusin sa munisipyo. Kung nais itapon, dalhin direkta sa recycling center at environment center. Wala pong bayad ito.	Sangay na Namamahala sa Kalinisan	23-3538



2 住民登録（市民課 TEL: 23-3511）

① 転入・入国

日本国籍でない人で、中長期在留者の資格（日本人の配偶者等や定住者、永住者など）を持っている人が、田原市に住み始めたときや新規に中長期在留者の資格を得たときは住民登録をしてください。

こんなとき	手続きに必要なもの
入国したとき、他の市町村から田原市に引っ越したとき、田原市に住んでいる人で新規に中長期在留者の資格を得たとき ※住み始めた日から14日以内に手続きをしてください。	<ul style="list-style-type: none"> <li>・パスポート</li> <li>・在留カード</li> <li>・転出証明書（転入の人のみ）</li> <li>・住民基本台帳カード（ある人のみ）</li> <li>・マイナンバーカード（個人番号カード）</li> </ul>

※16歳未満の人は、16歳以上の同じ世帯の人が手続きをしてください。

※入国した人は、住み始める住所地の世帯主との続柄を確認するために、本国の身分証明書が必要な場合があります。

② 転居

田原市内で引っ越した場合には、転居の届け出が必要です。

こんなとき	手続きに必要なもの
田原市内で引っ越したとき ※住み始めた日から14日以内に手続きをしてください。	<ul style="list-style-type: none"> <li>・在留カード</li> <li>・国民健康保険証や医療受給者証など古い住所がのっているもの（ある人のみ）</li> <li>・住民基本台帳カード（ある人のみ）</li> <li>・マイナンバーカード（個人番号カード）</li> </ul>

## 2 Pagpapatala Bilang Residente (Sangay Pangmamamayan TEL 23-3511)

### ① Pagtira at Pagpasok ng Bansa

Ang isang banyaga, na kuwalipikado bilang medium-to long-term resident (asawa ng Hapon, long-term resident, o permanent resident), na maninirahan sa Lungsod ng Tahara, o bago pa lamang nabigyan ng bagong kwalipikasyon bilang medium-to long-term resident, ay kailangang magpatala bilang isang residente.

※Ang pagtira, ay paglipat sa Lungsod ng Tahara mula sa ibang lugar ng Japan

Sa Ganitong Pagkakataon	Mga Kailangan sa Pagpaparehistro
<p>Kapag dumating sa Japan, maninirahan sa Lungsod ng Tahara mula sa ibang dako ng Japan, o bago pa lamang nabigyan ng bagong kwalipikasyon bilang medium-to long-term resident.</p> <p>※Kailangang magparehistro sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paninirahan.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>•Pasaporte</li> <li>•Residence Card</li> <li>• Sertipikasyon ng paglipat mula sa dating tinitirhan. (para lamang sa lilipat palabas)</li> <li>• Basic resident register card (Para lamang sa mga taong mayroon)</li> <li>•My Number (personal number card)</li> </ul>

※Kung ang aplikante ay wala pang 16-taong gulang, kailangang iparehistro ng sinumang kasapi ng sambahayan na higit sa 16 taong gulang.

※Para sa mga taong bagong dating sa Japan, maaaring kailanganin ang pasaporte na magbibigay patunay sa relasyon ng padre de familia ng bahay na tinitirhan.

### ② Pagbabago ng Tirahan

Kung magbabago ng tirahan kahit sa loob din ng Lungsod ng Tahara, kailangang pa ding iparehistro ang paglipat.

Sa Ganitong Pagkakataon	Mga Kailangan sa Pagpaparehistro
<p>Kung magbabago ng tirahan sa loob din ng Lungsod ng Tahara</p> <p>※Kailangang magparehistro sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paninirahan.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>•Residence Card</li> <li>• Dokumento na may nakalagay ng inyong lumang tirahan tulad ng National Health Insurance Card o Medical Care Certificate (para lamang sa mayroon nito)</li> <li>•Basic resident register card (Para lamang sa mga taong mayroon)</li> <li>•My Number (personal number card)</li> </ul>

### ③ 転出・出国

日本国外に出国するときや他の市町村に引っ越す場合には、転出の届出が必要です。他市町村に転出される人には、転出証明書<sup>てんしゅつしやうめいしよ</sup>を交付<sup>こうふ</sup>します。

こんなとき	手続きに必要なもの
<p>出国するときや他の市町村に引っ越すとき</p> <p>※出国または引っ越す予定日のおおよそ14日前から届けてください。</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>在留カード</li> <li>国民健康保険証や医療受給者証など市役所から交付されたもの（ある人のみ）</li> <li>住民基本台帳カード（ある人のみ）</li> <li>マイナンバーカード（個人番号カード）</li> </ul>

※他市町村へ転出する人は、新しい住所地に住み始めてから14日以内に転出証明書と在留カード、マイナンバーカード（個人番号カード）またはマイナンバー通知カードなどを持参して、新住所地の役所で転入手続きをしてください。

### ④ 出生

日本国内で子どもが生まれたときは、国籍にかかわらず、生まれた日を含めて14日以内に日本の戸籍法による出生の届け出をしてください。住民登録は出生届と同時にを行います。

※出生届の用紙は、出産した病院で出生証明書とともにもらえます。

こんなとき	手続きに必要なもの
<p>子どもが生まれたとき</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>出生届書、出生証明書、母子手帳（ある人のみ）</li> </ul>

※生まれたお子さんが引き続き日本国内に住み続けるためには、在留許可を受ける必要があります。生まれた日から30日以内に入国管理局で在留許可申請をしてください。

### ③ Paglipat at Pag-alis ng Bansa

Kailangang ipagbigay-alam ang paglipat sa ibang munisipalidad o paglabas ng bansa. Makakatanggap ng sertipikasyon ang mga taong lilipat sa ibang munisipalidad.

Sa Ganitong Pagkakataon	Mga Kailangan sa Pagpaparehistro
Kung lilipat sa ibang munisipalidad o aalis na ng bansa ※Ipagbigay-alam mga bago mag-14 araw mula sa tantiyang araw ng paglipat o pag-alis ng bansa.	<ul style="list-style-type: none"><li>•Residence Card</li><li>•Dokumento na ibinigay ng munisipyo tulad ng National Health Insurance Card o Medical Care Certificate (para lamang sa mayroon nito)</li><li>•Basic resident register card (Para lamang sa mga taong mayroon)</li><li>•My Number (personal number card)</li></ul>

※Para sa mga lilipat sa ibang munisipalidad, ipagbigay-alam ang bagong tirahan sa munisipyo at dalhin ang sertipikasyon ng paglipat at residence card, at ng card ng inyong “my number” o notification card ng “my number”, sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng paninirahan.

### ④ Pagsilang

Ayon sa Family Registration Act ng bansang Hapon, ang batang ipinanganak sa loob ng Japan, anuman ang kanyang nasyonalidad, ay kailangang iulat ang notipikasyon ng kapanganakan sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng kapanganakan.

※Ang aplikasyon para sa pag-uulat ng kapanganakan ay makukuha kasabay ng sertipikasyon sa ospital na pinanganakan.

Sa Ganitong Pagkakataon	Mga Kailangan sa Pagpaparehistro
Kapag nagsilang ng bata	<ul style="list-style-type: none"><li>• Nakasulat na ulat ng kapanganakan, sertipikasyon ng kapanganakan, at talaan ng ina at ng bata (para sa mayroon)</li></ul>

※Ang batang isinilang na magpapatuloy manirahan dito sa bansang Hapon ay kailangang makakuha ng permiso upang makapanatili. Maghain sa imigrasyon ng aplikasyon ng permiso para makapanatili sa loob ng 30 araw mula ng ipanganak.

⑤ 死亡

日本国内で人が死亡したときは、国籍にかかわらず、死亡した事実を知った日から7日以内に日本の戸籍法による死亡の届け出をしてください。


※死亡届の用紙は、死亡した病院または死亡を確認した医師が作成した死亡診断書とともにもらえます。

こんなとき	手続きに必要なもの
死亡したとき	<ul style="list-style-type: none"> <li>• 死亡届書、死亡診断書</li> <li>• 住民基本台帳カード（ある人のみ）</li> <li>• マイナンバーカード（個人番号カード）</li> </ul>

※死亡した人が、在留カード（または外国人登録証明書）を持っていたときは、死亡した日から14日以内に入国管理局へカードをお返してください。

☆ご注意ください☆

手続きを行うときに、在留カード（または外国人登録証明書）を持っている人は、必ずお持ちください。忘れた場合には、カードを取りに行ってください。また、法律で定められた期日までに手続きをしなかった場合には、在留資格の取消や強制退去事由に該当することがありますので、期日を守って速やかに手続きをしてください。



## ⑤ Pagkamatay

Ayon sa Family Registration Act ng bansang Hapon, ang namatay sa loob ng Japan, anuman ang kanyang nasyonalidad, ay kailangang iulat ang notipikasyon ng pagkamatay sa loob ng 7 araw mula sa araw na malaman ang kamatayan.

※Ang aplikasyon para sa pag-uulat ng pagkamatay ay makukuha sa ospital o doktor na magpapatunay ng pagkamatay, kasabay ng sertipikasyon ng pagkamatay.

Sa Ganitong Pagkakataon	Mga Kailangan sa Pagpaparehistro
Kapag namatay	<ul style="list-style-type: none"><li>• Nakasulat na ulat ng pagkamatay at sertipikasyon ng pagkamatay</li><li>• Basic resident register card (Para lamang sa mga taong mayroon)</li><li>• My Number (personal number card) (para lamang sa mga taong mayroon)</li></ul>

※Kung mayroong hawak na residence card (o alien card) ang taong namatay, kailangang isauli ang card sa immigration office sa loob ng 14 araw mula ng pagkamatay.

## ★ Dapat Tandaan ★

Kapag magsusumite ng notipikasyon, siguraduhin na dala ang residence card (o alien card) kung mayroon nito. Sa panahon na nakalimutan, kailangan itong balikan upang kuhanin. At, kapag hindi naiparehistro sa itinakdang panahon na itinalaga ng batas, maaaring makansela ang inyong bisa o maging dahilan upang pwersahang mapauwi. Magparehistro agad ayon sa itinakdang panahon.



### 3 印鑑登録（市民課 TEL: 23-3511）

日本では、印鑑が署名と同じ役目をします。宅配便の受け取りのときなどの簡単な用事には、認印を使います。家や自動車を買うときなどは、実印と印鑑登録証明書が必要です。実印は、にせものを作りにくい印鑑を選んで市役所に登録したものです。一人につき一つだけ登録ができます。二人で同じ印鑑を実印にすることはできません。

登録するときは、15歳以上の人が登録したい印鑑と在留カードもしくは顔写真付き身分証明書を持って、窓口で申請します。登録が終わると、印鑑登録証（カード）がもらえます。その後、印鑑登録証明書が必要なときは、必ず印鑑登録証（カード）を持ってきてください。

#### 登録できる印鑑

大きさ：指定したサイズの正方形に収まるもの（一辺がmmより大きく25mmまでの正方形）

材質：ゴム、プラスチックなどの変形しやすいものやすぐに減るものでないもの

#### 登録できない印鑑

- ・住民基本台帳に記録されている氏名、氏もしくはは名、または氏名の一部を組み合わせたもので表していないもの
- ・職業、資格その他氏名以外の事項を表しているもの
- ・ゴム印その他の印鑑で変形しやすいもの
- ・印影の大きさが一辺の長さ8mmの正方形に収まるもの
- ・印影の大きさが一辺の長さ25mmの正方形に収まらないもの
- ・印影を鮮明に表しにくいもの
- ・その他市長が不相当と認めたもの

#### 印鑑登録証（カード）や登録した印鑑をなくしたとき

印鑑登録証明書は、印鑑登録証（カード）がなければ交付されません。

印鑑登録証（カード）をなくしたときや登録した印鑑をなくしたときは、速やかに市民課まで届け出てください。

#### 印鑑登録証明書が必要なとき

印鑑登録証（カード）を持参すれば、本人の他に代理人でも申請できます。

印鑑登録証（カード）がないと、登録した印鑑を持ってきても、印鑑登録証明書の交付はできません。



### **3 Pagpaparehistro ng Personal na Pantatak**

**(Sangay Pangmamamayan TEL 23-3511)**

Sa Japan, ang personal na pantatak ay kasing-halaga ng pirma. Ang mitomein (karaniwang seal) ay karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw tulad halimbawa kapag mayroong tatanggaping parsela. Ang personal na pantatak at rehistradong sertipikasyon naman ay kailangan kapag bibili ng bahay o sasakyan.

Ang personal na pantatak ay pinaprehistro sa munisipyo at kailangang pumili na mahirap kopyahin. Isang pantatak lamang ang maaaring iparehistro ng isang tao. Hindi puwedeng gamitin ng dalawang tao ang isang rehistradong pantatak.

Sa pagpaparehistro, ang 15 taong gulang pataas ay maaaring magparehistro, dalhin ang pantatak na nais iparehistro at ang kanyang residence card o bagay na magpapakilala na may nakadikit na litrato ng mukha, sa munisipyo. Matapos maiparehistro, bibigyan kayo ng card ng rehistrasyon ng inyong personal na pantatak. Pagkatapos nito, sa panahon na kailangan ng sertipikasyon ng rehistro ng inyong personal na pantatak, dalhin ang card ng rehistrasyon.

#### **Pantatak na pwedeng iparehistro**

Laki: Magkakasya sa itinakdang laki parisukat (mula 8mm at hindi lalagpas ng 25mm)

Materyal: Goma at plastik na hindi madaling madeporma at napupudpod.

#### **Pantatak na hindi pwedeng iparehistro**

- Kung ang letra sa personal na pantatak ay hindi katulad ng buong pangalan o bahagi ng pangalan na nasa talaaan ng saligang rehistrasyon ng residente.
- Kung ang pantatak ay mayroong impormasyon maliban sa inyong pangalan, tulad ng trabaho o katayuan ng bisa.
- Mga pantatak na madaling madeporma tulad ng goma at iba pa.
- Kung ang laki ng pantatak ay mas maliit sa 8 mm.
- Kung ang laki ng pantatak ay mas malaki sa 25 mm.
- Kung hindi malinaw ang pantatak
- At iba pang pantatak na itinakda ng alkalde na hindi puwede.

#### **Kapag nawala ang card o ang pantatak na rehistrado**

Hindi maaaring magbigay ng sertipikasyon ng rehistrasyon kung wala ang card.

Kapag nawala ang card o ang pantatak na rehistrado, ipagbigay-alam agad sa Sangay Pangmamamayan.

#### **Sa panahon na kailangan ng sertipikasyon ng rehistrasyon,**

Maaaring mag-aplay ng sertipikasyon kahit na ang isang kinatawan lamang, basta dala-dala ang card.

Kung wala ang card hindi maaaring magbigay ng sertipikasyon kahit na dala-dala ang rehistradong pantatak.

いんかんとうろく てつづ  
印鑑登録の手続き

	ひつよう 必要なもの	ちゅうい 注意すること
ほんにん てつづ 本人が手続き をする場合	<ul style="list-style-type: none"> <li>とうろく いんかんと 登録する印鑑</li> <li>ざいりゅうか ーど うんてんめんきょしょう 在留カード、運転免許証や</li> <li>ぱすぽーと かんこうしょ パスポートなど、官公署が</li> <li>はっこう しゃしんつ みぶん 発行した写真付きの身分</li> <li>しょうめいしょ 証明書</li> </ul>	<p>みぶんしょうめいしょ ばあい たはらし 身分証明書などがない場合は、田原市</p> <p>いんかんとうろく ほしょうにん に印鑑登録をしている保証人とその</p> <p>登録印鑑が必要です。</p>
だいにん てつづ 代理人が手続 きをする場合	<ul style="list-style-type: none"> <li>とうろく いんかんと 登録する印鑑</li> <li>だいにん いんかんと 代理人の印鑑</li> <li>だいにんけんじゅよつうちしょ ようし 代理権授与通知書（用紙は</li> <li>しみんか 市民課にあります。）</li> </ul>	<p>びょうき た え りゆう 病気その他やむを得ない理由により</p> <p>ほんにん しんせい 本人が申請することができないときは、</p> <p>とうろく う いんかんと お 登録を受けようとする印鑑を押した</p> <p>だいにんけんじゅよつうちしょ ひつよう 代理権授与通知書が必要です。</p>

しんせい ひ とうろく ばあい  
申請した日に登録できない場合があります

つぎ のようなときは、いんかんとうろく ほんにん ゆうそう いんかんとうろく い し かくにん しんせい  
次のようなときは、印鑑登録する本人に、郵送で印鑑登録の意思を確認するため、申請  
した日には登録できません。

ほんにん しんせい ばあい ほんにん しょうめい みぶんしょうめいしょ ほしょうにん  
・本人が申請する場合で、本人であることが証明できる身分証明書などがなく、保証人

およびその登録印鑑がないとき

だいにん しんせい ばあい  
・代理人が申請する場合




### Pamamaraan ng pagpaparehistro ng personal na pantatak

	Bagay na Kailangan	Paalala
Kung ang taong may-ari ng personal na pantatak mismo ang mag-aaplay	<ul style="list-style-type: none"> <li>•Ipaparehistrong personal na panatatak</li> <li>•Residence card, ID na galing sa ahensya ng pamahalaan na may litrato, tulad ng lisensya o pasaporte</li> </ul>	-Kung walang dokumento na magpapakilala, kailangan ng tagapanagot na nakarehistro sa Lungsod ng Tahara, gayundin ang kanyang personal na pantatak.
Kung ang isang kinatawan ang mag-aaplay ng aplikasyon.	<ul style="list-style-type: none"> <li>•Pantatak na ipaparehistro</li> <li>•Personal na pantatak ng kinatawan</li> <li>•Power of Attorney mula sa may-ari ng pantatak. May form nito sa Sangay ng Pangmamamayan.</li> </ul>	-Sa panahon na hindi kayang mag-aaplay ng personal dahil sa hindi inaasahang bagay, tulad ng karamdaman, kailangang magsumite ng power of attorney na kung saan nakatatak ang pantatak na nais iparehistro.

### My pagkakataon na maaaring hindi matapos ang pagpaparehistro sa araw ng pag-aaplay

Sa mga sumusunod na pagkakataon, maaaring hindi mairehistro sa araw ng pag-aaplay dahil sa kailangang tiyakin ang intensiyon ng nag-aaplay, sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo.

- Kung ang nag-aaplay ay ang may katawan mismo, subalit walang dokumento na magpapakilala sa kanya, walang tagapanagot o walang personal na pantatak ang tagapanagot.
- Kung ang nag-aaplay ay isang kinatawan.



#### 4 ゴミ・リサイクル（廃棄物対策課 TEL: 23-3538）

##### (1) ゴミの出し方

ゴミを集める日は、住んでいる場所によって違います。「ゴミ収集カレンダー」で、ゴミを集める日とゴミを出す場所を確認してください。ゴミは、集める日の午前6時から8時の間に出してください。

田原市のごみの分別と集める日は、次のとおりです。詳しい分別の仕方やゴミの出し方は、「ゴミ収集カレンダー」を見てください。

- もやせるゴミ（集める日：週2回）
- こわすゴミ（集める日：月1回）
- 紙類（集める日：月1回）
- 布類（集める日：月1回）
- プラスチック容器類（集める日：2週間に1回）
- ペットボトル（集める日：2週間に1回）
- 白色トレイ（集める日：2週間に1回）
- 空缶（アルミ・スチール）（集める日：月1回）
- 小物金属（集める日：月1回）
- 電化製品類（集める日：月1回）
- 発泡スチロール（集める日：月1回）
- 有害ゴミ（集める日：月1回）
- 埋めるゴミ（集める日：月1回）
- ガラスびん（集める日：月1回）



ゴミを出せるのは、収集日の午前6時から8時までです。分別区分により、出す場所が異なりますので、確認して出してください。



#### 4 Basura at “Recycle” (Sangay na Namamahala sa Basura TEL 23–3538)

Ang koleksyon ng basura ay magkakaiba depende sa lugar na tinitirhan. Tiyakin sa kalendaryo ng basura ang araw at lugar ng tapunan ng basura. Ang basura ay maaaring itapon mula ika-anim ng umaga hanggang ika-walo ng umaga, ng araw ng tapunan.

Ang mga sumusunod, ang araw ng koleksyon ng basura at paghihiwalay ng mga basura. Para sa detalye ng pamamaraan ng paghihiwalay ng basura at pagtatapon, basahin ang kalendaryo ng basura.

- Nasusunog na Basura (Araw ng Koleksyon: dalawang beses sa isang linggo)
- Basura na maaaring baklasin (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Papel (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Tela (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Seramik na gawa sa plastik (Araw ng Koleksyon: isang beses sa dalawang linggo)
- Pet Bottle (Araw ng Koleksyon: isang beses sa dalawang linggo)
- Puting trey (Araw ng Koleksyon: isang beses sa dalawang linggo)
- Walang laman na lata (aluminyum at lata) (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Maliit na Metal  
(Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Kagamitang De-koryente (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Styro foam (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Basurang mapanganib o nakakalason (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Basurang maaaring ibaon (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)
- Bote (Araw ng Koleksyon: isang beses sa isang buwan)



Ang basura ay maaaring ilabas sa araw ng tapunan mula alas sais hanggang alas otso ng umaga.


Ang lugar ng tapunan ng basura ay depende sa klase ng segregasyon, tiyakin ang lugar ng tapunan at tsaka ilabas.




しげん  
○資源ごみ・埋めるごみ

ぶんべつぶん 分別区分	ひんもく 品目	だかた 出し方
かみるい 紙類	しんぶん ざっし かみぱっく だんぼーる 新聞、雑誌、紙パック、ダンボール	しゅるい ひも じゅうじ しぼ 種類ごとに紐で十字に縛る
ぬるい 布類	しゃつ ずぼん くつした たおる かーてん シャツ、ズボン、靴下、タオル、カーテンなど	とうめい ほんとうめい ふくろ い 透明・半透明の袋に入れる
ぶらすちっく プラスチック ようきるい 容器類	かし れいとうしょくひん ふくろ べんとう とれい お菓子・冷凍食品の袋、弁当のトレイなどの マークが付いたプラスチック製品"	ぶんべつぶん あみぶくろ い 分別区分ごとに網袋に入れる。
べっとぼとる ペットボトル	べっとぼとる ペットボトル	あみぶくろ 網袋の 色いろ ぶらすちっく ようきるい あお プラスチック容器類→青 べっとぼとる みどり ペットボトル→緑 しろいとれい くる 白色トレイ→黒
しろいとれい 白色トレイ	おもて うら しろいとれい 表も裏も白色のトレイ	
あきかん 空缶	あるみかん すちーるかん すぶれーかん アルミ缶、スチール缶、スプレー缶	
こものきんぞく 小物金属	きんぞく しゅたい 金属が主体でできているもの	ぶんべつぶん 分別区分ごとにコンテナに入れる
でんかせいひんるい 電化製品類	でんち でんき つか 電池・電気を使うもの	
はっほうすちるーる 発泡スチロール	よご はっほうすちるーる 汚れていない発泡スチロール	しろいとれい あみぶくろ 白色の網袋に入れる
ゆうがい 有害ごみ	けいこうとう でんきゅう でんち かがみ すいぎんい たいおんけい 蛍光灯・電球、電池、鏡、水銀入り体温計	ぶんべつぶん 分別区分ごとにコンテナに入れる
う 埋めるごみ	わ とうきるい がらすせいひん らいたー 割れたびん、陶器類、ガラス製品、ライターなど	ぶんべつぶん 分別区分ごとにコンテナに入れる
がらす ガラスびん	わ とうめい ちやいろ たいろ 割れていないびん（透明・茶色・その他の色）	いろ 色ごとにコンテナに入れる



おお  
○大きさによって出し方が変わるごみ

ぶんべつぶん 分別区分	たいしょう 対象	だかた 出し方
もやせるごみ	さいず サイズ	い 30cm以内のもの
	ひんもく 品目	なま かわせいひん くつ こがた 生ごみ、革製品、靴、小型のぬいぐるみ、 マークがない小型のプラスチック製品など
こわすごみ	さいず サイズ	おお 30cmより大きく、45lの指定袋より小さいもの
	ひんもく 品目	ばけつ ぶらんたー ながくつ びでおてーぶ バケツ、プランター、長靴、ビデオテープ きんぞく も そざい いったい 金属と燃える素材が一体になっているものなど
そだい 粗大ごみ	さいず サイズ	おお 45lの指定袋より大きいもの コンテナに入りきらないもの（傘は除く）
	ひんもく 品目	ふとん かぐ じてんしゃ きんりんしゃ おおがた はいかでん 布団、家具、自転車・三輪車、大型の廃家電 ※家電4品目（テレビ、冷蔵庫・冷凍庫、洗濯機・ 衣類乾燥機、エアコン）は対象外
		ゆうりょうかしてい ぶくろ 有料化指定ごみ袋に 入れて出す 
		しげんか せんたー 資源化センターへ ちやくせつはんじゆう 直接搬入する

○ Basura na Maaaring I-recycle/Basura na Maaaring Ibaon

Klase ng Segregasyon	Bagay	Paraan ng Pagtatapon
Papel	Diyaryo, magasin, tetra pack, kahon	Itali ng pa-krus ang pareparehong bagay.
Tela	Shirt, pantalon, medyas, tuwalya, kurtina, atbp.	Ilagay sa walang kulay o bahagyang may kulay na supot.
Plastik na lalagyan	Lalagyan ng snack at frozen na pagkain, tray ng obento, at mga lalagyan na may tatak 	Ilagay sa net na lalagyan ang bawat klase ng segregasyon
Pet bottle	Pet bottle	Kulay Plastik →Blue Pet bottle→Berde Putting tray→Itim
Kulay puting tray	Ang harap at likod ng tray ay kulay puti	Ilagay sa lalagyan ang bawat klase ng segregasyon
Walang lamang lata	Aluminium, lata, pang-spray	
Maliit na metal	Gawa sa metal	
Kagamitang de-koryente	Baterya, ginagamitan ng koryente	
Styro foam	Malinis na styro foam	Ilagay sa puting supot na lalagyan
Mapanganib o nakakalason	Flourescent lamp, bombilya, baterya, salamin, thermometer na may mercury	Ilagay sa lalagyan ang bawat klase ng segregasyon
Maaaring ibaon	Basag na bote, ceramics, babasagin, lighter, atbp.	
Botelya	Malinis na bote (walang kulay, brown, at iba pang kulay)	Ilagay sa lalagyan ang bawat kulay.

○ Ang pagtatapon ng basura ay nagbago batay sa laki

Klase ng Segregasyon	Bagay		Paraan ng Pagtatapon
Nasusunog na basura	Laki	Hindi lalagpas ng 30 cm.	Ilagay sa nabibiling itinakdang supot at tsaka itapon. 
	Bagay	Sariwang basura, bagay na katad, sapatos, maliit na stuff toys, mga malilit na lalagyang plastik na walang nakalagay na  marka.	
Nababaklas na basura	Laki	Mas malaki sa 30 cm, at mas maliit sa 45L. na itinakdang lalagyang plastik	
	Bagay	Balde, taniman ng halaman, bota, video tape at bagay na magkasamang metal at masusunog na materyales.	
Malalaking basura	Laki	Mas Malaki sa 45L. na itinakdang lalagyan. Mga bagay na hindi kakasya sa lalagyang plastik (maliban sa payong)	Dalhin ng direkta sa recycling center.
	Bagay	Futon, muwebles, bisikleta o tricycle, malalaking kasangkapan sa bahay. ※Hindi sakop ang 4 na dekoryenteng kasangkapan sa bahay (telebisyon, palamigan o freezer, labahan o dryer ng damit at aircon).	

## ○ 収集しないごみ

家具などの粗大ごみは、収集は行いませんので、処分を希望される場合は、各資源化センター、環境センターへ直接持ち込んでください。

家電4品目（テレビ、冷蔵庫・冷凍庫、洗濯機・衣類乾燥機、エアコン）は、その商品を買った店または、新しく買い替える店で引き取ってもらってください。そのとき、リサイクル料金を支払います。

この他、詳しい分別については、「ごみ収集カレンダー」、「ごみの分け方出し方（パンフレット）」「さんあ〜る（ごみ分別アプリ）」などで確認してください。





### **Mga Hindi Kinokolektang Basura**

Ang mga malalaking basura tulad ng mga kasangkapan sa bahay ay hindi kinokolekta. Kung nais magtapon ng ganitong basura, dalhin ng direkta sa recycling center o environment center.

Ang 4 na de-koryenteng kasangkapan sa bahay (telebisyon, palamigan o freezer, labahan o patuyuan ng damit at aircon), ay kailangang ipakolekta sa tindahang pinagbilhan o sa tindahan na kung saan bibili ng bagong kasangkapan. Dito rin babayaran ang bayad para sa recycling.

✂Tiyakin ang, “kalendaryo ng koleksyon ng basura”, “paraan ng pagtatapon ng basura (polyeto)”, at “3-R (appli para sa segregasyon ng basura)”, para sa detalye hinggil sa segregasyon.



5 自治会（総務課 TEL: 23-3504）

田原市内には、区域（住んでいる場所のエリア）ごとの住民互助組織として自治会（合計106団体）が設立され、区域内に住む人がほぼ全員加入しています。

自治会の活動は、住民自身が役割分担し、行政情報・地域活動の伝達、地区ゴミステーションの管理、児童・高齢者の福祉活動、防災対策などの生活に欠かせない活動や、お祭り、スポーツ大会などの親睦行事を行っています。

行政情報を掲載した広報紙や回覧文書、環境活動、防災対策など、市の住民サービスの中には、自治会を通じて提供されるものも多くありますので、お住まいの自治会に加入してください。

自治会に加入した場合は、会費の納付など自治会ごとに決められているルールを守り、地域の皆さんと一緒に活動することで、お互いに助け合う人との絆ができますので、自身が地域で暮らす上でも助けになります。

自治会の入会手続き、会費などは、それぞれの地区の自治会の役員さんや、各市民館に問い合わせてください。



## 5 Asosasyon ng Komunidad

(Sangay ng Pangangasiwa TEL 23-3504)

Ang Lungsod ng Tahara ay binubuo ng 106 na lugar at ang bawat lugar ay mayroong asosasyon upang magtulungan. Halos lahat ng naninirahan sa komunidad ay kasapi ng asosasyon.

Ang mga aktibidades ng asosasyon, na kanilang pinaghati-hati, ay may mahahalagang kaugnayan sa kanilang pamumuhay tulad ng, pagbabahagi ng impormasyon mula sa pamahalaan at lokal na aktibidades, basura at pamamahala ng mga lugar ng koleksyon, mga programang pangkagalingan para sa mga bata at matanda, at mga hakbang sa panahon ng sakuna. Kabilang dito, nagsasagawa din ng mga kasiyahan tulad ng piyesta at proyektong pampalakasan.

Maraming serbisyong pampubliko at impormasyon ang lungsod na ipinapaalam sa mga residente na ipinapadaan sa mga asosasyon tulad ng babasahin at sirkular na galing sa pamahalaan, impormasyon sa kapaligiran at sakuna, kaya't minumungkahi na maging kasapi ng asosasyon.


Bagamat kailangang magbayad ng butaw at sumunod sa mga patakarang itinakda ng asosasyon, sa pamamagitan ng pakikipag-isa, makakatagpo ng bagong kaibigan, pagtutulungan at maaring makatulong sa inyong pamumuhay.

Para sa pamamaraan ng pagpasok sa asosasyon at butaw, makipag-ugnayan sa kawani ng asosasyon o sentro ng barangay.

- Paraan ng Pamumuhay

Iwasang mag-ingay at magsalita ng malakas o malakas na tunog ng telebisyon sa gabi sa mga lugar tirahan dahil ito ay malaking perwisyo sa iba.

At patayin ang telepono sa mga lugar tulad ng loob ng tren at ospital.



## 6 税金

税金には、国に納めるものと県や市に納めるものがあります。  
所得に対しては、所得税（国）と住民税（県・市）がかかります。  
不動産をもっている人には、固定資産税や都市計画税がかかります。  
自動車は、排気量に応じて自動車税（県）や軽自動車税（市）がかかります。  
どの税金も、納める期限が決まっています、これに遅れると税金に加えて延滞金を払うことがあります。  
また、催促されても支払わないときは、強制的に財産を処分される場合があります。（差し押さえ）

### 確定申告（所得税）（豊橋税務署 TEL: 0532-52-6201）

確定申告とは、毎年の1月1日から12月31日までの1年間の所得を、税務署に知らせ、所得税（国）を納めることです。

翌年の2月16日から3月15日までの間に税務署か市役所で行います。

勤め先の給料から税金を引かれていない人や2か所以上から給料を受け取っている人、給料の他に所得のある人は、必ず確定申告をします。

申告には、前年の所得を証明するもの（源泉徴収票や支払証明書）と、所得から差し引いて（控除して）もらえる支払いなどを証明する書類、印鑑などが必要です。


子どもが生まれて、扶養する家族が増えたときや医療費にたくさんのお金がかかったとき、前年の途中で仕事をやめたときなどには、確定申告をすると、支払った税金の一部が返されることがあります。

### 住民税（市民税・県民税）（税務課 市民税係 TEL: 23-3509）

前年の所得に応じた額を国籍に関係なく、その年の1月1日に住所があった県と市に支払います。

年金、勤め先の給料から税金を引かれていない人には、毎年6月に納税通知書が届きます。住民税の支払い方は、2種類あります。

- ① 納付書を使って、市役所（会計課、渥美支所、赤羽根市民センター）か金融機関、コンビニエンスストアで支払います。
- ② 金融機関の預貯金口座から自動的に引き落とします（口座振替）。



## 6 Buwis

Mayroong buwis na binabayaran sa pambansang pamahalaan, probinsiya at munisipal. Ang buwis mula sa sahod (nasyonal) at buwis ng naninirahan (probinsiya at munisipal) ay binabawas sa sahod. Ang buwis naman sa ari-arian at planning tax ay binabayaran ng may-ari ng ari-arian. Binabayaran din ang buwis ng sasakyan, depende kung malaki ang makina (probinsiya) at kung maliit ang makina (munisipal).

May nakatakdang panahon sa bawat buwis at kung maantala sa pagbabayad, maaaring madagdagan ang halagang babayaran. Sa kabila ng mga paalala at hindi pa rin nabayaran, maaaring mawala (mailit) ang inyong ari-arian.

### **Taunang Buwis (suweldo) Toyohashi Tax Office (TEL 0532-52-6201)**

Ang taunang buwis ay ang pag-uulat ng kabuuang kinita sa loob ng isang taon, mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, at kailangang bayaran ang buwis nito. Ang pag-uulat nito ay ginaganap sa tanggapan ng buwis o munisipyo mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso ng susunod na taon. Dapat magsumite ng taunang ulat ang mga hindi binabawasan ng buwis sa kanilang sahod, mga tumatanggap ng sahod ng higit sa dalawang kompanya, at kumikita ng higit sa sahod.

Para sa mga mag-uulat, kailangang maghanda ng dokumento na magpapatunay ng kinita noong nakaraang taon (withholding tax o payslip), katunayan ng mga ibinabawas sa sahod, at ang personal na pantatak.


Maaaring maibalik ang ilang bahagi ng nabayaran ng buwis kung maipapaalam na kayo ay nagkaanak, nadagdagan ang umaasa sa inyong pamilya, malaki ang binayaran sa pagpapagamot, at huminto sa trabaho sa kalagitnaan ng nakaraang taon.

### **Buwis ng Residente (Buwis sa lungsod, Buwis sa probinsiya) (Sangay ng Buwis In-charge sa Buwis sa Lungsod TEL 23-3509)**

Ang lahat ng naninirahan, anuman ang nasyonalidad, ay kailangang magbayad ng buwis sa lungsod at probinsiya mula ika-1 ng Enero, batay sa kinita noong nakaraang taon. Para sa mga taong hindi binabawasan ng pension at buwis sa kanilang sahod, ay makakatanggap ng kwenta ng bayarin sa Hunyo ng bawat taon.

May dalawang uri ng pamamaraan ng pagbabayad ng buwis ng residente:

1. Maaaring magbayad gamit ang payment notice sa munisipyo (accounting section, Atsumi Branch, Akabane Citizen's Center) o sa bangko at convenience store.
2. Awtomatikong ibabawas mula sa inyong deposit savings account ng inyong bangko (direct debit).




税金の支払いには、便利な口座振替をご利用ください。口座振替を利用するには、申し込みが必要です。申込用紙は、市役所（税務課、渥美支所、赤羽根市民センター）と市内の金融機関の窓口にあります。口座振替は郵便局でもできます。預貯金通帳と通帳に使用している印鑑、納税通知書を持って、金融機関か市役所（税務課、渥美支所、赤羽根市民センター）で申し込んでください。

収入がない場合は、収入がないことを申告すると、他の税金やサービスを受けるときの料金が安くなる場合があります。

税金の支払いや口座振替ができる金融機関

- ・三菱UFJ銀行
- ・蒲郡信用金庫
- ・豊橋信用金庫
- ・岡崎信用金庫
- ・豊川信用金庫
- ・豊橋商工信用組合
- ・愛知みなみ農業協同組合
- ・東海労働金庫
- ・郵便局



自動車税（愛知県東三河県税事務所 TEL: 0532-54-5111）

4月1日に自動車を持っている人には、自動車税がかかります。県税事務所から5月に納税通知書が送られてきます。これを使って、銀行や郵便局、コンビニエンスストアなどで支払います。

自動車の継続検査（車検）をうけるときは、領収書（納税証明書）が必要です。大切に保管してください。

軽自動車税（税務課 資産税係 TEL: 23-3510）

4月1日にバイク（原動機付自転車や大型のバイク）、軽自動車を持っている人には、軽自動車税がかかります。市役所から5月に納税通知書が送られてきます。住民税を支払うことができる銀行などの窓口で支払います。

軽自動車の継続検査（車検）をうけるときは、領収書（納税証明書）が必要です。大切に保管してください。


自動車や軽自動車、バイクなどを処分したり、他人に譲ったりしたときは、必ず届け出をしてください。届け出をしないでおくと、いつまでもあなたの持ち物として、税金がかかります。

Minumungkahi ang paggamit ng kombenyenteng bank transfer. Para magamit ito, kailangang mag-aplay. Ang aplikasyon ay maaaring makakuha sa munisipyo (Sangay ng buwis, Atsumi Branch, Akabane Citizen's Center) o ng mga institusyong pinansyal sa loob ng lungsod. Ang bank transfer ay maaari din sa post office. Dalhin ang inyong libreta, personal na pantatak na gingamit sa libreta, at ang inyong tax notice, at mag-aplay sa insitusyong pinansyal o munisipyo (Sangay ng buwis, Atsumi Branch, Akabane Citizen's Center).

Kung walang kinikita at inyong iuulat, maaaring makamura sa mga iba pang bayaring buwis at serbisyo.

**Mga institusyong pinanasyal na kung saan maaaring magbayad ng buwis o bank transfer.**

- Mitsubishi UFJ Bank
- Gamagori Shinyo Kinko
- Toyohashi Shinyo Kinko
- Okazaki Shinyo Kinko
- Toyokawa Shinyo Kinko
- Toyohashi Shoko Shinyo Kumiai
- Aichi Minami Nogyo Kyodo Kumiai
- Tokai Rodo Kinko
- Post Office



**Buwis ng Sasakyan (Aichi Higashi Mikawa Prefectural Tax Office – TEL 0532-54-5111)**

May babayaranang buwis ang mga may sasakyan tuwing ika-1 ng Abril.

Ang tax office ng probinsiya ay mayroong ipadadalang paalala tuwing Mayo. Dalhin ito sa bangko, post office o convenience store at dito bayaran. Ingatan ang resibo nito dahil kakailanganin ito kapag nagparehistro ng sasakyan.

**Buwis ng Maliit na Sasakyan**

**(Sangay ng Buwis & Grupo ng Buwis ng mga Aria-arian TEL 23-3510)**

May babayaranang buwis ang mga may maliit o malaking de-motor na bisikleta at maliliit na sasakyan tuwing ika-1 ng Abril.

Mayroong ipadadalang paalala mula sa munisipyo. Bayaran ito sa mga bangkong tumatanggap ng buwis ng residente. Ingatan ang resibo nito dahil kakailanganin ito kapag nagparehistro ng sasakyan.

Ipagbigay-alam kung ang inyong sasakyan o motor bike ay itatapon o ibibigay sa ibang tao. Kung hindi, patuloy pa din kayong sisingilin ng buwis para sa nasabing sasakyan.

7 水道 (水道課 TEL: 23-3532)

下水道 (下水道課 TEL: 23-3525)

水道を新しく使う場合や、水道を使うのをやめる場合は、あらかじめ水道課に直接お越しいただくか、電話で連絡してください。

水道の使用を開始すると、2か月に1回、水道料金を支払うこととなります。2か月に1回、検針員が水道メーターを検針し、「使用水量等のお知らせ」をお渡ししますので、使用水量を確認してください。

水道を新しく引いたり、改造で口径を大きくしたりする場合は、水道加入分担金を支払うこととなります。

下水道を利用している場合、2か月に1回、下水道使用料を支払うこととなります。

水道料金・下水道使用料金のお支払いは、納付制と口座振替制があります。納付制は、納付書を持参して、市役所か金融機関、コンビニエンスストアで支払います。口座振替制は、金融機関の預金口座から自動的に引き落とされるものです。水道料金を口座振替でお支払いいただいている人は、下水道使用料金も同じ口座からお支払いいただくこととなります。

便利な口座振替をぜひご利用ください。口座振替を利用するには、申し込みが必要です。申込用紙は、市役所水道課と市内の金融機関の窓口にあります。口座振替は郵便局でも利用できます。預貯金通帳と通帳に使用している印鑑、納付書を持って、金融機関か市役所水道課で申し込んでください。

トイレや台所からトイレットペーパー以外のもの(天ぷら油、タオルなど)を流すと、下水道が故障するため、流さないでください。





## **7 Tubig (Sangay ng Tubig TEL 23-3532)**

### **Alkantariya (Sangay ng Alkantariya TEL 23-3525)**

Kung bagong gagamit o hihinto sa paggamit ng tubig, kailangang ipagbigay-alam muna sa Sangay ng Tubig sa pamamagitan ng direktang pagpunta o pagtawag sa telepono.

Kapag nagsimulang gumamit ng tubig, ang bayad sa tubig ay isang beses sa loob ng dalawang buwan. Susuriin ng inspektor ang metro ng tubig isang beses sa loob ng dalawang buwan, at may ibibigay na kwenta ng konsumo ng tubig. Tiyakin kung tama ang konsumong tubig.

Kailangang magbayad sa pagpasok kung merong bagong linya ng tubig na ginawa o pinalakihang tubo ng tubig.

Kung gumagamit ng alkantariya, ito ay kinukwenta at kailangang bayarin din isang beses sa loob ng dalawang buwan.

Ang pagbabayad ng tubig at alkantariya ay maaaring billing o bank transfer. Sa billing, ipapadala sa inyo ang kwenta at maaaring bayaran sa munisipyo o insitusyong pinansyal, o convenience store. Sa bank transfer, ito ay awtomatikong ibabawas sa account ng institusyong pinansyal. Para sa mga nagbabayad ng tubig sa pamamagitan ng bank transfer, ang bayad sa alkantariya ay dito rin ibabawas.

Minumungkahi ang paggamit ng bank transfer. Kailangang mag-aplay kung nais gumamit ng bank transfer. Ang aplikasyon ay maaaring makakuha sa Sangay ng Tubig ng munisipyo o ng mga institusyong pinansyal sa loob ng lungsod. Ang bank transfer ay maaari din sa post office. Mag-aplay sa sangay ng tubig ng munisipyo o anumang institusyong pinansyal at dalhin ang inyong libreta, personal na pantatak na ginagamit sa libreta, at ang inyong tax notice.

Huwag magtapon sa palikuran o kusina ng bagay maliban sa toilet paper (tulad ng mantika mula sa tempura, tuwalya, atbp.) dahil ito ay makakasira ng alkantariya.



## 8 電話・電気・ガス・NHK受信料

電話 (NTT TEL: 116 携帯電話からは0800-2000116)

新しく電話をつけるときは、NTTに電話してください。

外国人の人へは、通訳アシスタントサービスもあります。

料金は、1か月ごとに請求されます。

- ・NTT外国語受付相談センター

TEL: 0120-064337 (通話無料)

相談受付: 月曜日～金曜日 9:00～17:00

対応言語: 英語、スペイン語、ポルトガル語、中国語、韓国語



携帯電話 (携帯電話販売店等)

携帯電話を使いたいときは、携帯電話販売店等で購入してください。

料金や支払い方法は、販売店等に問い合わせてください。

電気 (中部電力田原サービスステーション TEL: 0120-988-328)

電気を使いたいときは、家主か不動産会社にどうすればいいか、問い合わせてください。

自分で申し込む場合は、中部電力に連絡してください。

料金は、1か月ごとに請求されます。



ガス (都市ガス・プロパンガス販売店等)

ガスを使いたいときは、家主か不動産会社にどうすればいいか、

問い合わせてください。

自分で申し込む場合は、直接販売店等に連絡してください。

料金や支払い方法は、販売店等に問い合わせてください。

NHK受信料 (NHK視聴者コールセンター TEL: 0570-077-077)

NHKは公共放送です。テレビを持っている人は、必ず受信料を支払わなければいけないことになっています。契約手続きや支払い方法などは、NHKに問い合わせてください。

- ・NHK受信料情報 (多言語)

<http://pid.nhk.or.jp/jushinryo/>

## 8 Telepono, Koryente, Gas, at Bayad sa NHK

### Telepono (NTT – TEL 116 Kung tawag mula sa cellphone 0800-2000116)

Kung nais magpakabit ng bagong telepono, tumawag sa NTT.

May serbisyong interpreter para sa mga banyaga.

Ang bayad ng telepono ay buwan-buwan.

- Service center ng NTT para sa wikang banyaga

TEL 0120-064337 (libreng tawag)

Suportadong Wika: Ingles, Español, Portugal, Intsik, Koreano



### Mobile Phone (Tindahan ng Mobile Phone)

Kung nais gumamit ng mobile phone, maaaring bumili nito sa mga tindahan ng mobile phone.

Magtanong sa tindahan ng detalye ng bayarin at paraan ng pagbabayad.

### Koryente (Tahara Office-Chubu Electric Power Company TEL 0120-988-328)

Kung nais gumamit ng koryente, magtanong sa inyong kasera o ahente na nagpaupa sa inyong tirahan para sa detalye kung paano magpakabit.

Kung nais mag-aplay, tumawag sa Chubu Electric Power Company.

Ang konsumo ng koryente ay binabayaran buwan-buwan.

### Gas (City Gas o Tindahan ng LP Gas)

Kung nais gumamit ng gas, magtanong sa inyong kasera o ahente na nagpaupa sa inyong tirahan para sa detalye kung paano magpakabit.

Kung nais mag-aplay, tumawag direkta sa tindahan.


Makipag-ugnayan sa tindahan para bayad at paraan ng pagbabayad.

### Bayad sa NHK (Call center para sa manonood TEL 0570-077-077)

Ang NHK ay pampublikong brodkast. Ang lahat ng may telebisyon ay kailangang magbayad sa NHK. Makipag-ugnayan sa NHK para sa pamamaraan ng pag-aplay at paraan ng pagbabayad.

- Impormasyon sa Pagbabayad sa NHK (Iba't-ibang Wika)

<http://pid.nhk.or.jp/jushinryo/>



9 国民健康保険 (保険年金課 TEL: 23-2149)

日本では、必ず健康保険に入らなければいけません。職場の健康保険に入っている人やその扶養家族、生活保護を受けている人以外は国民健康保険に入ります。

国民健康保険に「入るとき」、「やめるとき」は、窓口に届け出てください。届け出が遅れると、その間、保険が使えませんので、突然のけがや病気のときに、医療費を全額支払わなければならない場合もあります。

国民健康保険税は、入る手続きが遅れても、入るべきときからの税額を支払うこととなります。

国民健康保険に入ると、保険証がもらえます。病院などにかかるときは、保険証を持っていきます。保険証を使うことで、医療費の負担が30%以内になります。このほかに、出産したときや死亡したとき、医療費がたかさんになったときなど、届け出により給付が受けられるときがあります。

国民健康保険に入っている人で40歳から74歳までの人は、メタボリックシンドロームの予防と早期発見を目的とした特定健診を無料で受けられます。



◇国民健康保険の手続き◇

国民健康保険に入るとき

こんなとき	手続きに必要なもの
入国したとき または、ほかの市町村から転入してきたとき	・印鑑
職場の健康保険をやめたとき または、扶養家族でなくなったとき	・印鑑 ・健康保険資格喪失証明書 (連絡票) など
子どもが生まれたとき	・印鑑 ・保険証 ・母子健康手帳 ・マイナンバーと本人確認できるもの
3か月以上の在留資格がある人で、住民登録をしたとき	・印鑑 ・在留カード ・パスポート ・マイナンバーと本人確認できるもの
生活保護を受けなくなったとき	・印鑑 ・保護廃止通知書 ・マイナンバーと本人確認できるもの



## 9 Pambansang Seguro Pangkalusugan

(Sangay ng Seguro–Pensyon TEL 23–2149)

Sa Japan, ang lahat ay kailangang pumasok sa sistema ng segurong pangkalusugna. Ang lahat ay kailangang pumasok sa Pambansang Seguro Pangkalusugan maliban sa mga nakapasok sa segurong pangkalusugan ng kompanya at umaasa sa kanya, at sa mga taong tumatanggap ng tulong pamumuhay mula sa pamahalaan.

Ipagbigay–alam sa tanggapan kung nais pumasok o tumigil sa pambansang seguro pangkalusugan. Kung maaantala ang pag–aaplay, hindi magagamit ang seguro, at maaaring magbayad ng buo kung sakaling biglaang masugatan o maospital.

Kahit na maantala ang pagpasok sa pambansang seguro pangkalusugan, ang premium o bayarin ay dapat bayaran mula sa panahon na dapat pumasok.

